



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-23 ng Oktubre, 2018  
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

### HINDI NAKAABOT SA DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO PARA SA IKA-6 NG NOBYEMBRE NA ELEKSYON? HINDI PA HULI ANG LAHAT!

Ang batas ng Estado ay pinapayagan ang mga botanteng hindi nakaabot sa deadline ng rehistrasyon ng mga botante noong Ika-22 ng Oktubre na magparehistro sa ibang araw at bumoto sa parehong araw na iyon. Subalit, ang mga residente ng County ng San Diego na nais samantalain ang [Conditional Voter Registration](#) na batas para sa Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre ay kinakailangang bisitahin ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa para gawin iyon. Ang Conditional Voter Registration ay magagawa lamang sa loob ng 14 na araw bago sa at kabilang ang Araw ng Eleksyon. Ang mga inaasahang mga botante ay maaaring magparehistro para makaboto, markahan at botohan ang kanilang probisyonal na balota sa-opisina.

Ang mga boto ay maibibilang pagkatapos maiberipika ng mga opisyal ng eleksyon ang rehistrasyon ng botante at makumpirma na ang botante ay hindi pa nakakaboto sa kung saan man sa kasalukuyang eleksyon.

Kahit na ang mga botanteng nagparehistro pagkalampas ng deadline ay hindi maaaring bumoto sa kanilang tradisyonal na lugar ng botohan, hindi mawawala ang kanilang pagkakataon na bumoto.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego, 92123. Ang opisina ay bukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes hanggang sa Araw ng Eleksyon kung kailan magbabago ang mga oras ng botohan mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi upang sumalamin sa mga oras sa mga lugar ng botohan. Ang opisina ay magbubukas din simula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa Sabado, Ika-3 ng Nobyembre at Linggo, Ika-4 ng Nobyembre para sa weekend voting.

“Huwag magpahuli ngunit pumunta rin nang nakahanda” sabi ng Tagapagrehistro ng mga Botante na si Michael Vu. “Ang balota sa Nobyembre ay binubuo ng dalawang card. Kumpletuhin ang inyong sampol na balota ng maaga nang sa gayon pagpasok ninyo ng voting booth, mabilis ninyong mapupunan ang inyong opisyal na balota”

Para sa mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales sa eleksyon ay makukuha rin sa Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Para sa karagdagang kaalaman sa pagboto sa eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang [sdvote.com](#).

###

COUNTYNEWSCENTER  

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE  
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101-2472